SAN FRANCISCO HEALTH PLAN
*Here for you*

## Kung ikaw ay 45 hanggang 75 taong gulang, dapat kang magkaroon ng screening test para sa colorectal cancer



## Tawagan ang iyong PCP at magpa-appointment ngayon!

# Ano ang Colorectal (Colon) Cancer?

Ang colorectal cancer ay isang sakit kung saan ang mga selula sa colon o tumbong (mga bahagi ng bituka) ay lumalaki nang hindi makontrol. Tinatawag din itong colon cancer. Sa Estados Unidos, ang colorectal cancer ang ika-4 na pinakakaraniwang kanser sa lahat ng tao.

Maaaring wala kang sintomas ng colorectal cancer sa una. Kaya naman mahalagang magkaroon ng routine screening para sa colorectal cancer. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring:

- Maghanap ng mga problema bago lumaki ang kanser nang higit pa
- Maagang maghanap ng kanser kapag mas madali itong gamutin

May iba't ibang uri ng mga paggamot para sa colorectal cancer. Ang operasyon ay karaniwang maaaring gamutin ito kapag natagpuan ito nang maaga.




## Makakuha ng isang $50 na gift card para sa pagpunta sa iyong unang colorectal cancer screening!

Ang pagiging karapat-dapat sa gift card ay batay sa iyong edad, kondisyon ng kalusugan, at lahi o et-nisidad. **Kung ikaw ay Black o African American at may edad na 45 hanggang 75, makakakuha ka ng isang $50 na gift card pagkatapos ng iyong unang colorectal cancer screening.**

Pagkatapos ng iyong pagpapatinging pangkalusugan, awtomatiko kang makakakuha ng $50 na gift card sa koreo mula sa San Francisco Health Plan (SFHP)! Hindi mo kailangang sagutan ang anumang form upang makatanggap ng gift card.

Ipapadala sa iyo ang gift card sa pamamagitan ng koreo sa loob ng 5 linggo. Kung hindi mo pa nakukuha ang iyong gift card, mangyaring tumawag sa Serbisyo sa Customer sa **1(415) 547-7800, 1(800) 288-5555** (toll-free), o **1(415) 547-7830** (TTY), Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm.

Kung mayroon kayong mga tanong, puwede kayong tumawag sa San Francisco Health Plan Customer Service Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 547-7800** o **1(800) 288-5555** (toll-free).

474203 0623

# Kung ikaw ay 45 hanggang 75 taong gulang, dapat kang magkaroon ng screening test para sa colorectal cancer



Mas mataas ang panganib na magkaroon ka ng colorectal cancer kung ikaw ay:

- 50+ May lahi/etnisidad at mas matanda sa 50 taon
- Black/African American o may lahing Eastern European
- Kumakain ng maraming pulang karne (tulad ng karne ng baka) o mga processed meat (tulad ng deli meat, hotdog, bacon, o Spam)
- Mayroon, o nagkaroon ng colorectal polyps
- May inflammatory bowel disease (Crohn's disease o ulcerative colitis)
- May kasaysayan ang pamilya ng colon cancer

Kung hindi ka sigurado kung dapat kang magpasuri ng colon cancer, makipag-usap sa iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga* (PCP). Itanong kung aling mga pagsusuri ang naaangkop para sa iyo.

**Ang iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga ay ang doktor, assistant ng doktor, o nurse practitioner na nangangasiwa sa iyong pangangalagang pangkalusugan.*

Kung mayroon kayong mga tanong, puwede kayong tumawag sa San Francisco Health Plan Customer Service Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm sa **1(415) 547-7800** o **1(800) 288-5555** (toll-free).

SAN FRANCISCO HEALTH PLAN™
*Here for you*

474203 0623